Ang Magkamali ay Pipingutin Ko: Pagkilatis sa Pamumuhay ng Pamilyang Pilipino sa Modernong Panahon

Micaella Arcemo, Kristine Dominique Mirabuna, Fernando Garcia
Bachelor of Science in Psychology

ABSTRAK

Lubos ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa kanilang pamilya sapagkat malaki ang ginagampanang papel nito sa paghubog ng reyalidad ng bawat indibidwal. Sa paglipas ng panahon, nagkaroon ng mga pagbabagong nagresulta sa mga tradisyunal (payak at extended) at hindi tradisyunal (blended, childless, live-in arrangements, reversed role, same-sex family arrangements, at single parent household) na pamilyang Pilipino. Layunin ng pananaliksik na (1) tukuyin ang iba't ibang uri ng pamilyang Pilipino sa modernong panahon, (2) alamin ang mga dinamiko ng bawat uri nito (depinisyon ng pamilya, istruktura, komposisyon, at mga katangian o kaugalian), (3) ilahad ang mga positibo at negatibong dulot ng mga dinamiko ng pamilyang Pilipino sa kani-kanilang pamumuhay sa indibidwal at kolektibong lebel, (4) tukuyin kung mayroong pagkakaiba sa pamumuhay ng mga Pilipinong mula sa tradisyunal at hindi tradisyunal na pamilya, at (5) alamin ang ugnayan sa pagitan ng mga dinamiko ng mga pamilyang Pilipino at kanilang pamumuhay sa lipunan. 10 mag-aaral mula sa Lyceum of the Philippines University-Laguna ang lumahok. 5 ang mula sa tradisyunal na pamilya at 5 ang mula sa hindi tradisyunal na pamilya. Lumabalabas na walang pinagkaiba sa pagitan ng tradisyunal at hindi tradisyunal na grupo batay sa kanilang mga pananaw sa konsepto at katangian ng pamilya. Kahit na sila ay may pagkakaiba sa istruktura at komposisyon, ang lahat ng pamilya ay may iisang layunin at dahil dito, nararapat silang irespeto. Sa modernong panahon, nararapat na lawakan ng mga Pilipino ang kanilang pananaw at gumamit ng mga sensitibong termino sa pagkilala ng bawat pamilyang Pilipino.

Keywords: *Pamilyang Pilipino, modernong panahon*

PANIMULA

Ang pamilya ang pangunahing yunit ng lipunan (Carandang, 2012; Ericta, 2003). Malaki ang pampanin ng nito sa pagsulong ng maraming Asyanong bansa gaya ng Pilipinas kaya malaki ang pagpapahalagang ibinibigay sa pagpapanatili, pagpapalago, at pagpapabuti nito (Morillo, Capuno, & Mendoza, 2013). Sa pagdaan ng panahon, nagkakaroon ng mga pagbabago sa tradisyunal na konseptuwalisasyon ng pamilyang Pilipino na kalimitang kinabibilangan ng mga magulang, anak, at kamag-anak na magkakaugnay sa dugo, kasal, o pag-aampon (Carandang, 2012) dulot ng mga isyung ekonomikal, panlipunan, pulitikal, at teknolohikal (Tarroja, 2010). Dahil dito, umusbong ang mga moderno o hindi tradisyunal na uri ng pamilyang Pilipino, gaya ng mga pamilyang blended, childless, live-in, reversed role, same-sex, at single-parent (Tarroja, 2010). Marami ang nagsikap tukuyin kung papaanong binibigyang depinisyon ng mga modernong pamilya ang konsepto, instruktura, komposisyon, responsibilidad ng bawat miyembro, at mga katangian at kaugaliang Pilipino. Maraming katanungan din ang hindi pa nasasagot, gaya na lang kung paano nakaaapekto ang mga pagbabagong ito sa indibidwal na lebel, partikular na sa mga nakararanas ng matinding diskriminasyon. Ito ay malaking isyu dahil sa Pilipinas, anumang gawin ng isang indibidwal ay sumasalamin sa pamilyang kaniyang kinalakihan at bagkus, malaki ang impluwensya ng pamilya sa kaniyang sosyalisasyon (Castro, 2003) at interpersonal na pakikipag-ugnayan sa lipunang Pilipino (Morillo, Capuno, & Mendoza, 2013). Ang mga ito ay parehong may mabubuti at masasamang dulot, kung kaya't mahalagang bigyang-diin na hindi

nangangahulugang ang pagkakabilang sa isang hindi tradisyunal na pamilya ay magdudulot agad ng negatibong epekto, gayun din naman ng positibong epekto kung ang isang indibidwal ay mula sa tradisyunal na pamilya. Ang magkamali ay pipingutin ko – bagama't ito ay buhat lamang sa isang laro, malaki ang natatanong nito patungkol sa kung papaano gumagalaw ang pamilyang Pilipino. Sino nga ba ang nagkakamali, o may nagkakamali nga ba? Mayroon nga bang wasto at hindi wastong uri ng pamilya gaya ng nawiwika ng mga matatanda? Sinikap ng pananaliksik na ito ay bigyang kasagutan.

Kaugnay na Panitikan

Likas sa mga Pilipino ang magpahalaga sa kanilang mga pamilya (Ericta, 2003). Dahil dito, mahalagang suriin kung ano nga ba ang pamilyang Pilipino mula sa mga lente ng batas at sosyolohiya. Kung pagbabasehan ang Konstitusyon ng Pilipinas, makikita sa Artikulo 149 ng Kodigong Pampamilya o Batas na Pangmag-anak ng Pilipinas na ang pamilya ay ang pundasyon ng nasyon na tumatayo bilang pinakapayak na institusyong panlipunan kung saan ang mga pampublikong polisiya ay pinahahalagaan at pinangangalagaan. Dagdag pa rito, sinisikap ng pamahalaang pangalagaan ang bawat pamilyang Pilipino laban sa lahat ng mga gawain, desisyon, at programang maaaring makasira dito (Carandang, 2012; Tarroja, 2010). Ano naman ang bumubuo sa isang pamilyang Pilipino? Sa Artikulo 150 ng parehong kodigo. dinedepina ang mga pampamilyang ugnayan bilang mga ugnayan sa pagitan ng mag-asawang lalaki at babae (mahalagang bigyang-diin na kinakailangang mula sa magkaibang kasarian ang naturang mag-asawa), sa pagitan ng mga magulang at kanilang mga anak, at sa pagitan ng mga bayolohikal na magkakapatid (sa karaniwang konteksto, maririnig sa mga Pilipino ang pagtukoy sa mga "tunay" at "hindi tunay" na magkakapatid pati ang pagiging "magkapatid sa dugo o sa papel"). Lumalabas na ang mga deskripsyong ito ay nakasalig sa mga prinsipyo at batas na umiiral sa pakikipag-tipan ng isang lalaki sa babae, at ito na rin marahil ang dahilan kung bakit sa Pilipinas, ang kahalagahan ng kasal at pamilya ay magkaugnay at mahirap paghiwalayin.

Bukod sa mga teknikal na aspetong nasasalig sa Konstitusyon ng Pilipinas, ang pamilyang Pilipino ay isa sa mga malaking paksang tinatalakay sa mga dayalogong sosyolohikal. Ayon kina Morillo, Capuno & Mendoza (2013), malaki ang gampanin ng prinsipyo ng pagpapahalaga sa pamilya o familism sa estado ng kabuuang kalagayang panlipunan na umiiral sa bansa. Pinaniniwalang sa pamilya umiikot ang buhay ng isang komunidad (Malibiran, 2003) at nagpapatibay sa isang lipunan (Carandang, 2012). Ang mga ugnayang pampamilya rin ay madalas na nakaaapekto sa mga relasyon at interaksyong labas na sa sakop ng isang pamilya. Dahilan dito, ang kalidad ng mga interpersonal na pakikipag-ugnayan at interaksyon ng mga Pilipino sa kanilang kapwa ay pinaniniwalaang nakaangkla sa kalidad ng ugnayang pampamilyang mayroon sila. Malaki ang gampanin ng mga ugnayang bayolohikal at pang-kasal sapagkat likas sa mga Pilipino ang pangingilala kahit na sa pinakamalalayong kamag-anak na posible nilang makaugnay, at kasabay ng ekstensyon ng pamilyang Pilipino ay ang ekstensyon din ng mga responsibilidad, gampanin, at tungkulin para sa bawat miyembro (Go, 1993; Mendez & Jocano, 1974). Sa kasalukuyan, ang pamilyang Pilipino ay nahahati sa dalawang uri – ang tradisyunal at hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino.

Ang Tradisyunal na Pamilyang Pilipino

Ang tradisyunal na pamilyang Pilipino ay maaring payak o extended (NSO, 2009). Ang payak na pamilyang Pilipino o single nuclear family ay kinapapalooban ng isang ama, isang ina, at isang anak o mga anak o pamilyang kinapapalooban ng mag-asawang may mga anak. Sa kabilang banda, ang pamilyang extended naman ay isang payak na pamilyang kinapapalooban ng mga miyembrong labas na sa payak na pamilyang nabanggit. Ang isang pamilyang extended

ay may dalawang uri. Ang una ay ang pamilyang extended na kinabibilangan ng mga kamag-anak at ang ikalawa naman ay kinabibilangan ng mga taong walang kaugnayan sa naturang pamilya sa mga aspetong bayolohikal, pang-kasal, at pag-aampon. Ayon kay Tarrajo (2010), ang istruktura ng isang tradisyunal na pamilyang Pilipino ay hierarkikal kung saan ang awtoridad ay ibinibigay sa pinakamataas na miyembro ng pamilya na itinatrato nang may paggalang at madalas na sinusunod upang makaiwas sa gulo o hindi pagkakaunawaan. Siya rin ang pinagmumulan ng nakalalamang na pangangalaga para sa bawat miyembro ng pamilya, dahilan upang ang pamilya ay magkaroon ng mas matibay na pakikiisa at pagkakaisa. Ang mga miyembrong madalas na mayroong pinakamataas na awtoridad ay ang mga nakakatandang (Williams & Domingo, 1993).

Pagdating naman sa komposisyon, ang tradisyunal na pamilyang Pilipino ay binubuo ng mga magulang at anak. Ang mag-asawa (lalaki at babae) ang siyang tumatayo bilang mga magulang sa isang pamilya bilang ama at ina. Ang ama ay tinataguriang “haligi ng tahanan” at inaasahang magtaguyod sa buong pamilya. Ang ina naman ay tinataguriang “ilaw ng tahanan” at inaasahang magbigay ng kalinga, pagmamahal, at pag-aaruga sa bawat miyembro (Tarroja, 2010). Sila ay parehong inaasahang gumabay sa kanilang mga anak, magpausbong ng pagmamahalan, at maghanap-buhay upang magkaroon ng sapat na pagkain, damit, tirahan, at iba pang mga pangangailangan gaya ng edukasyon at kalusugan (Gustilo & Querijero, 2020). Ang mga anak naman ay maaring isa lamang o binubuo ng mga magkakapatid na nagsisilbing nakababatang mga miyembro. Sila ay inaasahang magtulungan, magsuportahan, magmahalan, tumulong sa mga gawaing-bahay, mag-aral nang mabuti, maging masunurin, at higit sa lahat, maging magalang higit lalo sa mga nakakatanda sa pamamagitan ng paggamit ng “opo” at “po” (Tarroja, 2010).

Tunay ngang siksik ang mga pamilyang Pilipino sa iba’t ibang kaugalian, paniniwala, at gawaing bahagi ng kultura at tradisyon na siyang dahilan kung bakit patuloy and pagpapalaganap, pagpapanatili, at pagpapadaloy ng mga katangiang ito sa mga susunod pang henerasyon (Palay, 2017). Ang mga katangiang ito ay tumutulong sa pagpapayabong ng pakikipagkomunikasyon at ugnayang pampamilya. Sapagkat ang mga ito ay isinasalin-lahi sa pamamagitan ng pananalita at kilos, isang pagsubok ang maisa-titik ang lahat ng mga ito. Pinakamahalaga sa mga katangiang ito ay ang paggalang sa mga nakatatanda. Sapagkat ang mga matatandang miyembro ng pamilya ang nangalaga at bumuhay sa mga miyembro, lubos silang inirerespeto. Dahil dito, marami sa mga Pilipino ang ngumingibit sa mga pasilidad gaya ng Home for the Aged. Gayunpaman, higit pa sa respeto ang dahilan kung bakit malaki ang pagpapahalaga sa mga nakatatanda. Ayon kina Williams & Domingo (1993), ang kakayahang makapagdesisyon tungkol sa mahahalagang bahay ay ang dahilan kung bakit sila ay nagkakaroon ng matataas na estadong panlipunan.

Ang konsepto ng utang na loob ay madalas ding mabigyang-diin kung saan ang mga magulang ay nagkakaloob sa kanilang mga anak ng kanilang mga pangunahing pangangailangan at, pagdating ng panahong malalaki na ang mga naturang anak, inaasahang pangangalagaan din nila ang kanilang mga magulang. Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang dahil lamang sa konsepto ng utang na loob kaya mayroong pagpapahalaga sa bawat miyembro. Tinutukoy lamang nito na ang bawat miyembro ay nakararamdam ng obligasyon para sa bawat isa, may nagdidikta man sa kanila o wala. Kaugnay nito, likas na sa pamilyang Pilipino ang magbuklod, magsakripisyo, at magkaisa. Inaasahan ang bawat miyembro na magtulungan, halimbawa ay ang pagsasakripisyo ng mga Overseas Filipino Workers o OFWs. Bilang pagpapalwaig, tipikal sa mga pamilyag Pilipino ang pagbibigay ng kasiyahan sa mga nakababatang miyembro (Morillo, Capuno & Mendoza, 2013). Bagama’t nakararanas ng kahirapan, pinipilit pa rin ng bawat miyembrong mabigyan ng maayos na buhay, dekalidad na edukasyon, at ligtas na tahanan ang kanilang mga anak. Ayon kay Tarroja (2010), ang bawat bata ay itinuturing na biyaya mula sa Panginoon, kung kaya’t sila ay iniingatan. Binibigyan din ng

malaking empasis ang pagkakaroon ng mga anak ng mag-asawa, kung kaya't tipikal na pag-usapan ang mga detalye patungkol sa kung ilan ang magiging mga anak.

Isa pang kontrobersyal na isyu ay ang usaping Simabahan o pananampalataya. Malaki ang kontribusyon ng Simbahan sa pagpapalaganap ng mga talakaying ispirtiwal. Madalas na ang mga doktrina ng Simbahan ang umiiral sa isang tahanan (Maliniran, 2003). Sa kasalukuyang datos na inilabas ng Pew Research Center (2010), 92.4% ng populasyon sa Pilipinas ay nananampalataya sa ilalim ng Kristiyanismo, 5.7% ang sa Islam, 1.6% ang sa mga katutubong relihiyon, at mas mabababa sa 1% ang sa Buddhismo, Hinduismo, Hudaismo, at iba pang mga relihiyon, at mga Pilipinong hindi bahagi ng kahit anong relihiyon. Ipinapakita nito na malaking bahagi pa rin ng populasyon ang nakaangkla sa pananampalataya at relihiyon.

Mga Hindi Tradisyunal na Pamilyang Pilipino

Ang mga teknolohikal na kapakinabangan at mas pinadaling proseso ng pandarayuhan ay mga salik na nakadaragdag sa patuloy na pagbabago ng pamilyang Pilipino, dahilan upang ang mga hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino ay tawagin ding mga modernong pamilyang Pilipino (Medina, 2001). Sila ay hindi nangangailangan ng mga bayolohikal na kaugnayan sa bawat isa. Dagdag pa rito, maaari silang kapalooban ng mga magkakaparehang hindi lehitimong mag-asawa o hindi pa opisyal na naikakasal. Dahilan sa patuloy na pagbabago ng panahon at paglaganap ng mas mabibigat na isyu, sila ay maaaring madagdagan pa sa hinaharap (Carandang, 2008). Gayunpaman, ang pagsusuri sa ilan sa mga pamilyang ito ay mahalaga upang makapagbigay ng malalim na pagtalakay sa kanilang pamumuhay.

Tipikal ang mga blended na pamilya sa lipunang Pilipino na kinapapalooban ng mga magulang o anak mula sa ibang pamilya (Tarroja, 2010) at kilala rin sa tawag na stepfamily kung saan may ilang miyembro ang walang bayolohikal na kaugnayan sa iba. Ang mga ganitong uri ng pamilya ay nabubuo dulot sa pagkakaroon ng mga "anak sa labas" (Celis, 2020), at sapagkat ang isyu ng paghihiwalay sa Pilipinas ay kontrobersiyal pa rin, ang mga usapin patungkol sa mga blended na pamilya ay nananatiling diskriminatibo. Sa isang pag-aaral ng UP Population Institute (2014), napag-alamang kadalasan sa mga pamilyang blended ay binubuo ng mga single-parent, mga annulled, o 'di naman kaya'y mga legal na hiwalay na sa kanilang mga unang asawa at nagdesisyong magpakasal sa iba.

Ang mga pamilyang childless o mga mag-asawang walang anak naman ay itinuturing pa ring pamilya (Tarroja, 2010). Isang pagsubok ang pagsama ng uring ito sa klasipikasyon ng isang pamilya sapagkat ang kadalasang istruktura ng pamilya ay kinapapalooban ng mga mga anak. Ang hindi pagkakaroon ng anak ay maaaring boluntaryo (dahil sa mga praktikal na rason) o hindi boluntaryo (mga medical na kondisyon). Kilala rin bilang ang mga kinalimutang pamilya, naipakita ni Tagupa (2019) kung papaanong kalahati ng mga edad 20 hanggang tatlumpung 30 taong gulang ay nakapagdesisyon nang huwag magkaroon ng anak. Ang fertility rate din ng bansa ay bumaba ng halos 60 porsiyento.

Ang mga pamilyang live-in naman ay kinapapalooban ng magkaparehang nagsasama ngunit hindi kasal. Kadalasan, ang mga ganitong uri ng pamilya ay tinitignan bilang (1) resulta ng pakikipagtanan o pagrerebelde, (2) isang eksperimento upang masubok ng magkasintahan ang kanilang kapareho bago ikasal, at (3) isang anyo ng pamilya na mas praktikal kumpara sa kasal (Williams, Kabamalan, & Ogena, 2007). Bagama't ang mga ganitong uri ng pamilya ay hindi na bago sa mata ng publiko, nadidiskrimina pa rin sila higit lalo kung ipapasok ang usapin ng relihiyon kung saan tanging ang mag-asawang pinag-isa lamang ng Diyos (o ng Simbahan) ang nararapat na makunsidera bilang lehitimong pamilya. Ganito rin ang dikta ng batas, sapagkat ang mga magkaparehang magka-live in ay limitado ang mga karapatan at benepisyo kumpara sa mga naikasal na mag-asawa.

Sa mga pamilyang reversed role naman, ang mga miyembro ay mayroong mga baligtad na tungkulin. Ang mga pagbabago sa mga ugnayang pampamilya ay nakaapekto sa pag-uugali, pang-sosyoekonomiko, at sikososyolohikal na katayuan ng mga kabilang na miyembro. Malaki ang epekto ng kasarian sa mga gampanin, tungkulin, at responsibilidad ng bawat miyembro (Chen, 2017). Kadalasan, ang mga lalaking miyembro ang may pinakamataas na awtoridad sa lahat ng mga desisyong napagkakasunduan at ang mga babaeng miyembro ang may responsibilidad kaugnay ng pagbibigay-suporta sa buong pamilya. Sa kasalukuyan, ang mga babaeng miyembro ay nakikibahagi na rin sa paghahanap-buhay upang magkaroon ng karagdagang kita. Kumpara noon, madalas na ring wala ang mga kababaihan sa kanilang tahanan upang maging mga produktibong empleyado (Lam & Yeoh, 2018). Ang mga kalalakihan naman ay inaasahan pa ring pumuno sa mga pangangailangan ng kanilang mga anak. Maaari na sila ngayong mangalaga ng tahanan na kinakapalooban ng responsibilidad, kakayahang umangkop, at kapasidad.

Ang mga pamilyang same-sex o same-sex family arrangements ay kinapapalooban ng mga mag-asawang mula sa magkaparehong kasarian (Tarroja, 2003). Ang mga usaping patungkol sa LGBTQIA++ ay nananatili pa ring sensitibo at siyang nagbubunsod sa limitadong mga pag-aaral at pananaliksik patungkol sa mga pamilyang same-sex (Josef, 2003). Ang depinisyon ng pamilyang Pilipino ay nakasalig sa konsepto ng kasal kung saan kinakailangang sila ay mula sa magkaibang kasarian upang maging lehitimong mag-asawa. Upang matugunan ang mga limitasyong ito, maraming aktibidades na ang naisulong. Patuloy pa ring inilalaban ang Sexual Orientation and Gender Identity and Expression Equality Bill o mas kilala rin sa daglat na SOGIE Bill na naglalayong wakasan ang diskriminasyon sa LGBTQIA++ na komunidad (Deslate, 2016).

Ang mga single-parent na pamilya naman ay kinapapalooban ng mga pamilyang itinataguyod ng isang magulang na tumatayong ama at ina (Tarroja, 2010). Bagama't sa kasalukyan ay tinitingala ang mga solong magulang na ito, hindi maitatangging dumanas din sila noon ng matinding diskriminasyon. Dahil na rin sa batas kung saan ang mga anak ay inaasahang mamalagi kasama ang kanilang mga ina hangga't sa sila ay maging edad higit 7, ang karaniwang mga solong magulang ay mga ina. Ayon kay Medina (2001), matindi ang dinaranas na diskriminasyon ng mga kababaihang may anak ngunit walang asawa sapagkat sa kawalan ng ama o asawang lalaki, maaaring magkaroon ng mga pinansyal na suliranin pa ang pamilya. Sa kasalukyan, patuloy na tumataas ang bilang ng mga single-parent na pamilya sa Pilipinas (Babasa, 2014).

Layunin ng Pag-aaral

Ang pananaliksik ay naglayong bigyang depinisyon kung ano na nga ba ang kahulugan ng pamilya para sa mga Pilipino sa kalukuyang panahon at anu-ano ang mga implikasyon nito sa reyalidad ng bawat indibidwal. Bilang pagsasaespisipiko, ang pananaliksik na ito ay naglayong (1) tukuyin ang iba't ibang uri ng pamilyang Pilipino sa modernong panahon, (2) alamin ang mga dinamiko ng bawat uri ng pamilyang Pilipino ayon sa kani-kanilang (a) depinisyon ng pamilya, (b) istruktura, (c) komposisyon, at (d) mga katangian o kaugalian, (3) ilahad ang mga positibo at negatibong dulot ng mga dinamiko ng bawat pamilyang Pilipino sa kani-kanilang pamumuhay sa (a) indibidwal at (b) kolektibong lebel, (4) tukuyin kung mayroong pagkakaiba sa pamumuhay ng mga tradisyunal at hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino, at (5) alamin ang ugnayan sa pagitan ng mga dinamiko ng bawat uri ng pamilyang Pilipino at kanilang pamumuhay sa lipunan.

METODO

Ang mga kalahok ay 10 kolehiyong mag-aaral mula sa Lyceum of the Philippines University-Laguna at nararapat na edad 18 taong gulang pataas, opisyal na naka-enroll para sa kasalukuyang termino o semestre ng adakemikong taon 2020-2021 sa LPU-Laguna o LPU-St. Cabrini, at mula lamang sa isang tukoy na klase ng pamilyang Pilipino, maaaring tradisyunal o hindi tradisyunal. Sila ay hinati sa 2 grupo kung saan ang una ay tinawag na “tradisyunal na grupo (T)” na kinapalooban ng 5 mula sa mga tradisyunal na pamilyang Pilipino at ang ikalawa naman ay tatawaging “hindi tradisyunal na grupo (HT)” na kakapalooban ng 5 mula sa mga hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino. Lahat ng mga kalahok ay nakatanggap ng 50.00 na load.

Ang mga mananaliksik ay nagpakapa-kapa sa pamamagitan ng pagtatanong upang mahanap ang mga indibidwal na pasok sa mga kwalipikasyon sa tulong ng purposive sampling. Ang unang palatanungan ay ipinamahagi sa mga kalahok gamit ang Google Forms. Ito ay patungkol sa inisyal at primaryang kuru-kuro ng mga kalahok. Upang maiwasan ang posibilidad na makaapekto ang pagtukoy sa pagitan ng dalawang uri ng pamilya, magkaibang bersyon ng palatanungan ang ipinakalat para sa dalawang grupo. Ang unang palatanungan ay kinapapalooban ng tatlong bahagi. Una ay ang patungkol sa demograpikong profayl ng mga kalahok kung saan tinukoy ang kanilang numerikong pang-estudyante. kasarian, kolehiyo, programa, at lokasyon ng tinitirhan. Ikalawa ay ang patungkol sa pagbibigay-depinisyon kung ano ang pamilyang Pilipino na kinapapalooban ng mga aytem na open-ended at may pamimilian (multiple choice). Ikatlo naman ay ang patungkol sa kung gaano naisasabuhay ng kanilang pamilya ang mga karaniwang kaugalian ng isang pamilyang Pilipino na kinapapalooban ng iskalang Likert kung saan ang pagtugon mula “5” ay nangangahulugang “laging isinasabuhay” hanggang “1” ay “hindi isinasabuhay”. Matapos ang tatlong araw ng pagkakasagot ng palatanungan, ang mga kalahok naman ay humarap sa pakikipagkwentuhan sa isang Zoom Meeting. Ang bawat sesyon ay isa-sa-isa at naganap ayon sa petsa at oras na itinakda. Magkaibang bersyon din ng palatanungan ang ginamit upang maiwasan ang diskriminasyon. Matapos ang Zoom Meeting, nakatanggap ang mga kalahok ng isang palatanungan patungkol sa kanilang mga natutunan matapos ang pakikipagkuwentuhan na kinapapalooban ng dalawang bahagi. Una ay ang patungkol sa demeograpikong profayl at ang ikalawa naman ay patungkol sa kung gaano sila sumasang-ayon sa mga pahayag patungkol sa pamilyang Pilipino na nararapat nilang tugunan gamit ang iskalang Likert kung saan ang pagtugon nila mula “5” ay nangangahulugang “lubos na sumasang-ayon” hanggang “1” ay “lubos na hindi sumasang-ayon”.

Sapagkat ang pananaliksik ay gumamit ng kwantitatibo at kwalitatibong datos, ang datos ay sinuri sa dalawang magkaibang paraan. Para sa kwatitatibong datos, ang mga naging katugunan ay inanalisa gamit ang SPSS 23. Kinuha rin ang mean, standard deviation, at Mann-Whitney U ng bawat grupo upang makita kung may significant difference. Para naman sa mga kwalitatibong datos, ang naging sesyon naman sa Zoom Meeting ay inirekord at ginawan ng transkripsyon. Matapos ay ginamitan ito ng thematic analysis.

Ipinaalam ng mga mananaliksik ang mga layunin ng pag-aaral sa mga kalahok. Bilang karagdagan, ipinaalam din sa kanila ang kanilang mga karapatan ayon sa nasasaad sa Kodigo ng mga Etika ng APA. Anumang impormasyong kanilang ibinigay ay mananatiling kumpidensyal at itatrato ng walang pangingilala sa kanilang identidad o pagkatao. Ipinagpaalam din ang pagrerekord ng mga sesyon ng pakikipagkwentuhan para sa dokumentasyon. Nagkaroon din ng elektronikong consent form bilang pagpapatunay ng kanilang boluntaryong partisipasyon. Tiniyak na ang lahat ng mga metodo at instrumentong ginamit ay sensitibo sa kultural at sosyal na katayuan ng mga kalahok sa pamamagitan ng konsepto ng pakikiramdam. Sinigurado na walang nakaambang panganib at naging prayoridad ang kapakanan ng mga kalahok.

RESULTA AT DISKUSYON

Ang pananaliksik ay gumamit ng kwantitatibo at kwalitatibong datos na parehong ilalahad sa mga susunod na seksyon. Sumatotal, mayroong 10 kalahok na tumugon sa unang palatanungan at lumahok sa pakikipagkuwentuhan. 8 mula sa kanila ang kumumpleto ng ikalawang palatanungan matapos ang naging pakikipagkuwentuhan.

Ipinapakita ng Haynayan 1 ang demograpikong profayl ng mga kalahok, Ang mga resulta ay nahati sa tradisyunal (T) at hindi tradisyunal (HT) na mga grupo. Sa grupong T, mas marami ang mga babae (60%) kumpara sa mga lalaki (40%). Kabaligtaran sa grupong HT kung saan mas marami ang lalaki (60%) kumpara sa mga babae (40%). Pareho namang nakalalamang ang mga kalahok na mula sa Kolehiyo ng Sining at Agham o CAS (60% sa bawat grupo), at pawang tig-i-tig-isa ang mga kalahok na nakuha mula sa Kolehiyo ng Pagbibilang at Pagtutuos o CBA (20% sa grupong T) at LPU-SC Kolehiyo ng Nagkakaisang Medisina o LPU-SC CAM (20% sa grupong HT). Ang parehong grupo ay may tig-isang kalahok mula sa Kolehiyo ng Pagiihinyero at Pagdadalubhasa sa Kompyuter o COECS (20% sa bawat grupo). Pagdating naman sa lokasyon, parehong nakalalamang ang mga mula sa pook urban (60% sa bawat grupo) kumpara sa mga mula sa rural (40% sa bawat grupo). Panghuli, pagdating sa uri ng mga pamilyang kinabibilangan, para sa mga kalahok mula sa grupong T, 4 ang mula sa payak o single family (80%) habang 1 naman ang mula sa pamilyang extended. Para naman sa mga kalahok mula sa grupong HT, tig-2 naman ang mula sa mga pamilyang blended (40%) at single-parent (40%), habang ang 1 ay mula sa live-in arrangement (20%).

Haynayan 1. Demograpikong profayl ng mga kalahok

Demograpiko	Tradisyunal	Hindi Tradisyunal
Kasarian		
Lalaki	2	3
Babae	3	2
Kolehiyo		
CAS	3	3
CBA	1	-
COECS	1	1
LPU-SC	-	1
Lokasyon		
Urban	3	3
Rural	2	2
Uri ng Pamilya		
Single	4	-
Extended	1	-
Blended	-	2
Live-in	-	1
Single Parent	-	2

N = 10

Makikita sa Haynayan 2 ang mga naging mean rating at standard deviation ng kada konsepto o katangiang isinasabuhay ng mga tradisyunal at hindi tradisyunal na grupo. Sa kabuuan, walang significant difference na nakita sa pagitan ng dalawang grupo. Nangangahulugan itong walang pinagkaiba sa pagitan ng tradisyunal at hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino pagdating sa mga konsepto at katangiang Pilipino. Para sa grupong T, lagi nilang isinasabuhay ang pagpapahalaga sa kalusugan (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), pagpapahalaga sa ligtas na tahanan (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), paggalang sa nakatatanda

(μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00) pagbibigay-importansya sa pamilya (μ = 4.80, SD = 0.45, SE = 0.20), pagpapahalaga sa edukasyon (μ = 4.80, SD = 0.45, SE = 0.20), pagkakabuklud-buklod at pagkakaisa (μ = 4.80, SD = 0.45, SE = 0.20), pagpapahalaga sa sakramento ng kasal (μ = 4.80, SD = 0.45, SE = 0.20), utang na loob (μ = 4.80, SD = 0.47, SE = 0.20), ispiritwal na pananampalataya (μ = 4.60, SD = 0.55, SE = 0.24), at pagbibigay-importansya sa pagkakaroon ng mga anak sa hinaharap (μ = 4.60, SD = 0.55, SE = 0.24). Sa Bihira namang isinasabuhay ang kalayaang bumukod pagdating sa legal na edad (μ = 2.40, SD = 1.52, SE = 0.68). Gaya ng nasasaad sa mga literatura, taglay pa rin ng grupong T ang mga konsepto at katangiang bahagi ng tradisyong Pilipino (Palay, 2017; Tarroja, 2010; Maliniran, 2003; Williams & Domingo, 1993).

Para naman sa grupong HT, makikita na lagi nilang isinasabuhay ang kalayaang makapamili ng sariling karir (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), pagbibigay-importansya sa pamilya, pagpapahalaga sa edukasyon (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), pagpapahalaga sa kalusugan (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), pagpapahalaga sa ligtas na tahanan (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), pagpapahalaga sa bawat miyembro ng pamilya (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), utang na loob (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), awtorisadong pamumuno ng pinakanakatatandang miyembro (μ = 4.80, SD = 0.45, SE = 0.20), pagpapahalaga sa sakramento ng kasal (μ = 4.60, SD = 0.89, SE = 0.40), at sosyalisasyon (μ = 4.60, SD = 0.55, SE = 0.24). Sa kabilang banda naman, bahagyang isinasabuhay ang kalayaang gumamit ng mga produktong para sa pangkalusugang reproduktibo (reproductive health care products) (μ = 3.00, SD = 1.87, SE = 0.84), kalayaang bumukod pagdating sa legal na edad (μ = 3.40, SD = 1.82, SE = 0.81) at pagkakaroon ng “taga-salo” o breadwinner (μ = 3.40, SD = 1.67, SE = 0.75). Gaya ng nabanggit, hindi sa istruktura o komposisyon lamang ng pamilya nakasalalay ang pagsasabuhay ng tradisyong Pilipino ng isang pamilya (n.d., 2019).

Haynayan 2. Mean Rating, Standard Deviation at Mann-Whitney U ng mga konsepto o katangiang isinasabuhay sa pamilya

Konsepto o Katangian	Tradisyunal M (SD)	Hindi Tradisyunal M (SD)	U
Awtorisadong pamumuno ng pinakanakatatandang miyembro	4.40 (0.55)	4.80 (0.45)	17.50
Integrasyon ng teknolohiya sa pakikipagkomunikasyon	4.20 (1.30)	4.40 (0.89)	13.00
Ispiritwal na pananampalataya	4.60 (0.55)	4.20 (1.30)	11.50
Kalayaang bumukod pagdating ng legal na edad	2.40 (1.52)	3.40 (1.82)	17.50
Kalayaang gumamit ng mga produktong para sa pangkalusugang reproduktibo (*reproductive health care products*)	3.40 (1.52)	3.00 (1.87)	11.50
Kalayaang makapamili ng sariling karir	4.40 (1.34)	5.00 (0.00)	15.00
Kalayaan sa pamimili ng sekswal na oryentasyon	3.80 (0.84)	4.20 (0.84)	16.00
Mga gampaning batay sa kasarian	4.00 (0.71)	3.60 (1.67)	12.00
Pagbibigay-importansya sa pamilya	4.80 (0.45)	5.00 (0.00)	15.00

Pagbibigay-importansya sa pagkakaroon ng mga anak sa hinaharap	4.60 (0.55)	4.20 (1.30)	11.50
Pagpapahalaga sa edukasyon	4.80 (0.45)	5.00 (0.00)	15.00
Pagpapahalaga sa kalusugan	5.00 (0.00)	5.00 (0.00)	12.50
Pagpapahalaga sa ligtas na tahanan	5.00 (0.00)	5.00 (0.00)	12.50
Paggalang sa mga nakatatanda	5.00 (0.00)	4.40 (0.00)	5.00
Pagkakabuklud-buklod at pagkakaisa	4.80 (0.45)	4.40 (0.89)	9.50
Pagkakaroon ng “taga-salo” o *breadwinner*	3.20 (1.10)	3.40 (1.67)	14.00
Pagpapahalaga sa bawat miyembro ng pamilya	4.40 (0.55)	5.00 (0.00)	20.00
Pagpapahalaga sa sakramento ng kasal	4.80 (0.45)	4.60 (0.89)	12.00
Sosyalisasyon	4.40 (0.89)	4.60 (0.55)	13.50
Utang na Loob	4.80 (0.47)	5.00 (0.00)	15.00

N = 10; M = mean; SD = standard deviation; U = Mann-Whitney U
*** = significant sa p < 0.01 na lebel*
** = significant sa p < 0.05 na lebel*

Makikita sa Haynayan 3 ang mga naging mean rating at standard deviation patungkol sa sariling pananaw sa mga konsepto at katangian ng pamilyang Pilipino. Lubos na sumasang-ayon ang mga kalahok mula sa grupong T na “ang pagpapamilya ay nararapat” nilang “planuhin at paghandaan” (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), “nararapat lamang na panatilihin ang kaligtasan sa tahanan ng bawat miyembro” (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), “bukas” ang kanilang mga isipan “sa mga usaping patungkol sa komunidad ng LGBTQIA++” (μ = 4.75, SD = 0.50, SE = 0.25), at “malaki ang pagpapahalaga” ng kani-kanilang mga “pamilya sa edukasyon kaya’t pinipilit” nilang “makapagtapos” (μ = 4.75, SD = 0.50, SE = 0.25). Sa kabilang banda, hindi sila sumasang-ayon na “walang masama kung mananatili” silang “nakadepende” sa kani-kanilang mga “pamilya sa lahat ng oras” (μ = 2.50, SD = 1.00, SE = 0.50).

Para naman sa grupong HT, lubos silang sumasang-ayon na “nakatutulong ang teknolohiya upang mas manatili” silang “kunektado” sa kani-kanilang mga pamilya (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), “sinusuportahan” sila ng kani-kanilang mga pamilya sa mga “ninanais” nilang “karir” (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), “bukas” ang kanilang mga isipan “sa mga usaping patungkol sa komunidad ng LGBTQIA++” (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), “malaki” ang kanilang “pagpapahalaga” sa kani-kanilang mga pamilya (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), “malaki ang pagpapahalaga” ng kani-kanilang mga “pamilya sa edukasyon kaya’t pinipilit” nilang “makapagtapos” (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), “nararapat lamang na panatilihin ang kaligtasan sa tahanan ng bawat miyembro” (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), “naniniwala” silang “nararapat na magbigay-galang sa mga matatanda” (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00), at ang kanilang “pakikipag-ugnayan” sa kani-kanilang mga pamilya ay nakatutulong sa kanila upang mas mapabuti nila ang kanilang “pakikitungo sa iba” (μ = 5.00, SD = 0.00, SE = 0.00). Sa kabilang banda, hindi sila makapagdesisyon kung wala nga bang masama kung mananatili silang “nakadepende” sa kani-kanilang mga “pamilya sa lahat ng oras” (μ = 3.00, SD = 0.82, SE = 0.41), ang kanilang “mga gampanin at responsibilidad sa tahanan ay nakaangkla” sa kanilang “kasarian” (μ = 3.00, SD = 1.83, SE = 0.91), “walang masama kung ikunsidera” nila “ang paggamit ng produkto para sa pangkalusugang reproduktibo (reproductive health care products) (μ = 3.50, SD

= 1.73, SE = 0.87), at “walang masama kung ikunsidera” nila “ang pagkakaroon ng hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino sa hinaharap” μ = 3.50, SD = 1.73, SE = 0.87). Sa kabuuan, walang significant difference mula sa dalawang grupo. Nangangahulugan itong bilang mga indibidwal, maaari silang magkarooon ng magkakaparehong karanasan sapagkat nakasalalay ang mga ito sa tradisyong Pilipino na hindi naman halos naiiba sa parehong grupo.

Haynayan 3.

Pahayag	Tradisyunal M (SD)	Hindi Tradisyunal M (SD)	U
Nararapat lamang na ang mga nakatatanda sa aking pamilya ang magbigay ng pinal na desisyon sa lahat ng mga usaping pampamilya.	4.50 (0.58)	4.75 (0.50)	10.00
Nakatutulong ang teknolohiya upang mas manatili akong kunektado sa aking pamilya.	4.50 (1.00)	5.00 (0.00)	10.00
Nararapat lamang na pairalin ang pananampalataya sa loob ng aming tahanan.	4.00 (0.82)	4.75 (0.50)	12.50
Walang masama kung mananatili akong nakadepende sa aking pamilya sa lahat ng oras.	2.50 (1.00)	3.00 (0.82)	11.00
Walang masama kung ikunsidera ko ang paggamit ng produkto para sa pangkalusugang reproduktibo (*reproductive health care products*).	4.50 (0.58)	3.50 (1.73)	5.00
Ang pagpapamilya ay nararapat kong planuhin at paghandaan.	5.00 (0.00)	4.50 (1.00)	6.00
Sinusuportahan ako ng aking pamilya sa aking ninanais na karir.	4.00 (1.15)	5.00 (0.00)	12.00
Malaya akong nakikisalamuha sa iba ayon sa aking sekswal na oryentasyon.	3.75 (1.26)	4.75 (0.50)	12.50
Bukas ang aking isipan sa mga usaping patungkol sa komunidad ng LGBTQIA++.	4.75 (0.50)	5.00 (0.00)	10.00
Ang aking mga gampanin at responsibilidad sa tahanan ay nakaangkla sa aking kasarian.	3.75 (0.96)	3.00 (1.83)	6.00
Malaki ang aking pagpapahalaga sa aking pamilya.	4.50 (0.58)	5.00 (0.00)	12.00
Walang masama kung ikunsidera ko ang hindi pagkakaroon ng anak.	4.50 (0.58)	4.00 (1.15)	6.00
Malaki ang pagpapahalaga ng aking pamilya sa edukasyon	4.75 (0.50)	5.00 (0.00)	10.00

kaya't pinipilit kong makapagtapos.			
Nabibigyang prayoridad ang kalusugan ng bawat miyembro ng aking pamilya.	4.50 (0.58)	4.50 (0.58)	8.00
Nararapat lamang na panatilihin ang kaligtasan sa tahanan ng bawat miyembro.	5.00 (0.00)	5.00 (0.00)	8.00
Malaya kong naihahayag ang aking mga opinyon sa loob ng tahanan.	3.25 (1.50)	4.50 (0.58)	12.00
Naniniwala akong nararapat na magbigay-galang sa mga matatanda.	4.50 (1.00)	5.00 (0.00)	10.00
Lahat ng suliranin ay mapagtatagumpayan sa pamamagitan ng pakikipagkapit-bisig sa bawat miyembro.	4.00 (0.82)	4.75 (0.50)	12.50
Walang masama sa pagkakaroon ng taga-salo o *breadwinner* sa pamilya.	3.75 (1.26)	3.75 (1.26)	8.00
Nararamdaman kong ako ay pinapahalagahan sa aking pamilya.	4.00 (1.15)	4.75 (0.50)	11.00
Magkaroon man ng modernisasyon, nararapat pa ring bigyang-halaga ang pagpapakasal bilang unang hakbangin sa pagpapamilya.	4.00 (1.41)	4.50 (1.00)	10.00
Ang aking pakikipag-ugnayan sa aking pamilya ay nakatutulong sa akin upang mas mapabuti ko ang aking pakikitungo sa iba.	3.75 (0.96)	5.00 (0.00)	14.00
Anumang mayroon ako ngayon ay utang ko sa aking pamilya at nararapat ko itong suklian balang araw.	3.25 (0.96)	4.25 (0.96)	12.50
Walang masama kung ikunsidera ko ang pagkakaroon ng hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino sa hinaharap.	4.50 (1.00)	3.50 (1.73)	4.50

N = 10; M = mean; SD = standard deviation; U = Mann-Whitney U
*** = significant sa p < 0.01 na lebel*
** = significant sa p < 0.05 na lebel*

Sa pag-aanalisa ng kwalitatibong datos, hindi ipinaalam ng mga mananaliksik na ang pag-aaral ay magiging patungkol sa dalawang uri ng pamilyang Pilipino upang hindi makaapekto sa sariling pananaw ng mga kalahok. Hindi umayon sa literatura kung paano tinukoy ng mga kalahok ang kanilang mga pamilya. 5 sa 10 kalahok ang tumukoy sa kanilang pamilya bilang ang katapat nilang klase (hal., 1 mula sa grupong T ang nagsabing siya ay nabibilang sa grupong HT) o hindi

naman kaya ay ang patukoy sa mga uri ng pamilya (hal. Nabanggit ng isang kalahok na ang pamilyang extended ay nabibilang sa blended na pamilya).

Mga Tradisyunal na Pamilyang Pilipino

Para sa mga kalahok, ang isang tradisyunal na pamilyang pilipino ay binubuo ng nanay, tatay, at anak, kung minsan ay maari rin na may kasamang mga lolo at lola. Sang-ayon ito kay Tarroja (2010) maging sa naging pag-aaral ng NSO (2009). Wika ng isa, ang pamilya ay ang pinakamaliit na "yunit" ng komunidad at hindi makukumpleto ang lipunan kung wala nito na makikita sa pag-aaral ni Ericta (2003). Ayon din sa ibang kalahok, ang pamilya ang unang humuhubog, gumagabay, at tumatayong pamanatayan ng mga anak sa pakikisalamuha at pakikisama sa ibang tao sa lipunan. Ayon sa isang kalahok, "ang pamilya ang nagiging hulmahan [ng mga anak], kung saan kung mayroong magandang pundasyon, maganda ang kalalabasan ng pag-uugali ng mga tao". Dagdag pa rito, ang pamilya ay ang isa sa mga pinakaunang prayoridad ng bawat Pilipino. Nahahati ang kanilang pagpapakahulugan sa tradisyunal na pamilyang Pilipino sa pagsasabuhay ng tradisyon at sa konstruksyon ng pamilya.

Ayon sa mga kalahok, ang istruktura ng isang tradisyunal na pamilyang Pilipino ay ang pagkakaroon ng tagapagbigay ng pangangailangan, tagapag-alaga, at inaalagaan. Ang may awtoridad sa tahanan ay ang nakatatanda o ang nagbibigay ng tulong pinansyal na makikita rin kay Tarroja (2010). Ayon sa isang kalahok, ang mga magulang ang kalimitang may awtoridad, ngunit hindi sila nawawalan ng boses upang iparinig ang kanilang mga suhestyon. Sa palagay ng isang kalahok, iba ang pagpapalaki ng kaniyang lolo at lola kumpara sa kung ang kaniyang mga magulang ang nagpalaki sa kaniya. Sapagkat ang kaniyang mga magulang ay nagtatrabaho, ang kaniyang lolo at lola ang nag-alaga sa kaniya noong siya ay bata pa lamang at wika niya, "Mas malalim kumabaga, sa paraan ng pagsasalita, magtatanong ang mga kaibigan ko bakit ang lalalim ng mga salita na ginagamit ko." Para sa komposisyon, ang kani-kanilang pamilya ay kinapapalooban ng nanay, tatay, anak, at maari rin ng lolo at lola, at iba pang mga kamag-anak, habang ang kanilang mga responsibilidad ay ang pag-aaral at pagtulong sa gawaing bahay. Ang kanilang mga magulang ang nagbibigay sa kanila ng pantustos, at ang iba ay katulong rin ang mga lolo at lola, pati na rin ang iba pang nakakatandang kapatid sa mga gastusin sa bahay na makikita kay Tarroja (2010) at sa NSO (2009).

Pagdating sa mga kaugalian, ang ilang kalahok ay nakaranas ng paghihigpit sa kanilang mga gawain. Naroon din ang pagiging mapagpasalamat at pamamahagi ng biyaya sa iba. Iniisip naman muna ng isang kalahok kung paano niya gagawin ang isang bagay kung ang kaharap niya ay ang kaniyang pamilya na muli ay kaugnay sa pag-aaral ni Ericta (2003). Sa isang kalahok naman, ang katangian na kaniyang nakuha ay pagbase sa lohikal na rason sa tuwing gagawa siya ng mga desisyon. Para sa mga epekto sa pamumuhay ng indibidwal, ayon sa isang kalahok, dahil nakikita niyang mapagbigay ang kaniyang mga magulang, ito rin ang kaniyang ginagaya, ngunit upang makapagbigay, kinailangan magtrabaho nang mabuti ng kaniyang mga magulang, dahilan upang mawalan sila ng panahong magsama-sama. Nalulungkot siya tuwing wala sila sa mga pagpupulong sa eskwelahan, kung kaya't tinuruan na lamang niya ang kaniyang sarili ng mga bagay na hindi naituro sa kaniya ng kaniyang mga magulang.

Ayon sa isang kalahok, dahil ang kaniyang mga magulang ang naging pamantayan sa pamumuhay, wika niya na "sa mga panahon na nagkukwento ang mga kaklase ko na 'ganito ganiyan ang ginagawa ko sa bahay', 'pasensya na hindi ako makakapunta may inutos kasi si mama', at iba pa, ay nauunawaan ko sila, sapagkat ako man din ay ganun ang kalalagayan". Dahil sa naging pagpapalaki ng kaniyang mga magulang, siya ay nahirapan na makisalamuha sa iba. Ayon pa sa kaniya ay naging mahigpit ang kaniyang mga magulang noong siya ay bata pa. Hindi siya nakalalabas upang makipaglaro at napaka-strikto nila. Dagdag ng mga kalahok, bagama't mabilis ang komunikasyon sa pagitan nila dahil iilan lang sila, may mga bagay rin silang

inililihim sa mga magulang nila upang hindi na pagmulan pa ng problema na nagreresulta sa pagkikimkim. Sa mga ganitong pagkakataon, makikitg kung papaanong ang ilan sa mga katangiang Pilipino ay nagkakaroon ng mga negatibong implikasyong nakaaapekto sa pag-unlad ng isang indibidwal.

Mga Hindi Tradisyunal na Pamilyang Pilipino

Para sa mga kalahok mula sa hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino, ang pamilya ay ang pinakaunang namumulatang kapaligaran ng isang indibidwal mula pagkabata. Ito ay “isang grupo ng mga tao na may iisang layunin at isang responsibilidad, [at ito ay ang] tulungan ang isa’t isa sa paglaki.” Ayon sa isa pa, ang bawat miyembro ang nagsisilbing katuwang sa buhay ng isang indibidwal. Nabanggit ng dalawang kalahok na ang pamilya ay hindi lamang basta ang mga indibidwal na kasama paglaki bagkus mga nagsisilbing batayan ng isang indibidwal sa kung paano niya ikukumpara ang kaniyang sarili sa ibang taona labas sa kanilang pamilya. Maaari ring makunsidera na pamilya ang mga kaibigan, mga single parent, mga mula sa magkaparehong kasarian, pati na ang mga nabibilang sa LGBTQIA++ na komundidad.

Sumasang-ayon ang lahat ng mga kalahok na napakahalaga ng pamilya sa lipunang Pilipino. Sa maigsing pahayag, binanggit ng isang kalahok na “kung walang pamilya, walang mabubuong mga tao.” Para sa isa pa, dito nahuhubog ang mga mahahalagang katangian, pag-uugali, at asal na nararapat taglayin ng mga kabataan na nagiging basehan sa kanilang pagbabahagi ng kaalaman at karanasan, pagbibigay-galang at respeto, pagkakaroon ng bukas na isip, pagmamahal at pakikiramay sa kapwa, pagpapahalaga sa mga bagay-bagay, pakikipagkomunkasyon, pakikisalamuha sa iba, at pakikipag-ugnayan sa iba at sa kapwa. Ayon sa isa pa, nararapat lamang na ang isang Pilipino ay tumulong din sa komunidad nito. “Hindi dapat sarili mong pamilya, sa kanila ka lang maglilingkod. Tinuturuan ka ng pamilya mo na maglingkod sa komunidad mo.” Nang sila ay tinanong tungkol sa ano ang kanilang masasabi sa depinisyon ng batas ang pamilyang Pilipino, nabanggit ng isang kalahok na nagdudulot ito ng implikasyong tanging ang mga kadugo lamang niya ang maaari niyang makunsidera bilang pamilya, kung kaya’t nararapat na kampihan ng isang indibidwal ang kaniyang pamilya sa lahat ng oras. Napansin ng isang kalahok na hindi pasok dito ang mga mula sa parehong kasarian. Ang pokus din ng batas ay patungkol sa proteksyon ng mga kababaihan at kabataan mula sa pang-aabuso, kung kaya’t madalas na ikinukunsidera sa krayterya kung nakakaya ba ng isang magulang na punan ang pangangailangan ng kaniyang mga anak. Nabanggit ng isang kalahok na nararapat lamang na sundin ang batas dahil ito ay mga legal na prosesong nararapat isaalang-alang sa upang makapagbigay-patunay sa kaugnayan sa loob ng isang pamilya. (Williams, Kabamalan & Ogena, 2007).

Pagdating sa istruktura, iba’t iba ang naging katugunan at interpretasyon ng mga kalahok sa isang hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino. Ayon sa isa, ang kaniyang batayan ay kung hindi naisasalin ng isang pamilya ang tradisyong Pilipino. Nasabi naman ng isa pa na hindi tradisyunal ang mga pamilya kung hindi sila natatali sa sakramento ng kasal. Wika ng isa, hindi maiiwasan ang mga pagkakaibang ito sapagkat ang bawat pamilya ay may kani-kaniyang katangian na rason kung bakit sila namumukod-tangi, Dalawa sa mga kalahok ang nagsabing mistula silang magkakapatid sa kani-kanilang mga pamilya ngunit hindi pa rin nawawala ang respeto. Bukas ang bawat miyembro para sa bawat isa dahilan upang maging madali lang ang interaksyon at komunikasyon. Wala ring kinikimkim ang bawat miyembro kung kaya’t kung may problema, agad itong nareresolbahan. Madalas na isa sa kanilang magulang ang pinagmumulan ng awtoridad, ngunit lahat ng miyembro ay may kalayaang ihayag ang kanilang mga opinyon at kuro-kuro.

Sa pakikipagkomunikasyon, nabanggit ng isang kalahok na may kalayaan siyang mamili kung ano ang nais niyang ibahagi sa pamilya. Ayon naman sa isa pa, pamilya din niya ang kaniyang mga kaibigan “basta may pinagsamahan kayo”. Makikita sa mga ito ang baryasyong

sanhi ng pagbabago ng lipunang Pilipino (Tarroja, 2010). Para naman sa komposisyon, ang mga pinansyal na responsibilidad ay kalimitang iniaatang sa magulang o anak na nakatutulong sa mga gastusin. Makikita rito na ang komposisyon ay nakasalalay sa uri ng hindi tradisyunal na grupong kinabibilangan, at ipinapakita muli nito ang pagkakaiba mula sa tradisyunal na grupo (Babasa, 2014). Para sa katangian, karamihan sa mga kalahok ay may pagpapahalaga sa pagdarasal at pananampalataya sa Diyos gaya ng nabanggit ni Maliniran (2003). Nabanggit ng isa sa mga kalahok na taliwas sa nakasanayang nararapat na katakutan ang Diyos, ang Diyos ay mapagmahal, mabuti, at hindi dapat katakutan. Gayunpaman, para sa isang kalahok, ang kaniyang ina at ama ay magkaiba ang pinaniniwalaan, dahilan upang pati siya ay malito na rin. Para naman sa dalawa pa, ipinangangaral sa kanila ang pagkakaroon ng direksyon sa buhay dahilan upang hindi sila lumaking laki sa layaw. Bagkus, sila ay hinahasang maging masipag upang kapag wala na ang kanilang mga magulang, makayanan nila. Pagdating sa mga epekto sa pamumuhay, nabanggit ng isa na may pagkakataon noon na napalayo ang kaniyang loob sa kaniyang pamilya nang iwan sila ng kaniyang ama. Gayunpaman, sa paglipas ng panahon, unti-unti niyang binubuksan ang kaniyang sarili at sa kasalukuyan ay nagpupursige siyang makatapos sa pag-aaral. Ayon sa isa pa, sapagkat mababaw ang kaniyang depinisyon sa kung ano ang pamilya, natutunan niyang maging mas bukas sa pagtanggap sa iba't ibang mga indibidwal. Sa kalahok na nakaranas magkaroon ng dalawang ina, nagkaroon siya ng kalituhan bilang isang bata, ngunit dahil dito, mas naging bukas ang kaniyang pag-iisip patungkol sa mga ganitong uri ng relasyon sa kasalukuyan.

Para sa kanilang pananaw tungkol sa mga tradisyunal na pamilyang Pilipino, ang kanilang krayterya ay hindi lamang nakabatay sa istruktura o komposisyon kung hindi sa mismong tradisyong pinapanatili. Gaya nga ng nabanggit ng dalawa sa mga kalahok, hindi naman kuno kulang ng isang magulang o magkapareho ang kasarian ng parehong magulang ay walang naisasabuhay na tradisyong Pilipino. Para sa kanila, nararapat na subukin ang kasalukuyang literatura o, gaya ng nabanggit ng isang kalahok, mas maiging huwag nang gawan ng ganitong distinksyon ang parehong uri ng pamilya dahil ang parehong pamilya ay "laging may uri ng relasyon kung saan may gumagabay at may ginagabayan. Dagdag pa niya, marahil ang tanging pinagkaiba lamang ay ang pagkakaroon ng karapatang bumuo ng sariling pamilya. Nang tanungin patungkol sa pag-usbong ng mga hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino, mahalaga para sa lahat ng kalahok na yakapin ng mga Pilipino ang mga ganitong uri ng pagbabago sapagkat wala naman daw aktwal na pamantayan ng pamilya, at kung mayroon man, nararapat itong makisabay sa panahon. Para sa isa, hindi nararapat makaranas ng diskriminasyon ang mga mula sa hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino sapagkat may karapatan ang lahat na bumuo ng sariling pamilya basta walang karahasan o pang-aabuso. Mahalagang ipaalam sa lipunang Pilipino kung ano ang hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino. Hindi sapat na istruktura o komposisyon lamang ang tignan sa pagtukoy sa pagitan ng dalawang uri ng pamilya. "Pamilyang Pilipino pa rin sila kahit kulang pa rin sila ng isa, ng kasarian. Hindi mo pwedeng ibahin lang kasi nag-iba lang ng komposisyon nila, o kung ano kasarian nila."

KONGKLUSYON

Nagawang matukoy ang iba't ibang uri ng pamilyang Pilipino sa modernong panahon sang-ayon sa unang layunin ng pag-aaral. Natukoy na mayroong mga tradisyunal at hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino. Ang mga tradisyunal na pamilyang Pilipino ay kinabibilangan ng mga payak at extended na pamilya, habang ang mga hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino ay kinabibilangan ng mga mga pamilyang blended, childless, live-in arrangements, reversed role, same-sex family arrangements, at single parent. Lumalabas na sa modernong panahon, nararapat na ang maging pagtukoy sa tradisyunal at hindi tradisyunal na mga pamilyang Pilipino ay patungkol sa kung papaano naisasabuhay at napapanatili ang tradisyong Pilipino mula man

sila sa iba't ibang uri ng pamilya. Pagdating naman sa dinamiko ng bawat uri, makikita na halos nagkakatugma ang depinisyon ng mga tradisyunal at hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino sa kung ano ang pamilya. Kinikilala ito bilang ang pinakamaliit ngunit pinakamahalagang yunit ng lipunan kung saan unang namumulat ang isang indibidwal. Pagdating sa istruktura, ang mga tradisyunal na pamilyang Pilipino ay kinabibilangan ng mga magulang, mga anak, at mga kamag-anak, habang ang hindi tradisyunal ay ang mga pamilyang hindi pasok sa depinisyon ng batas. Makikita rin ang ganitong pagkakaiba sa komposisyon ng pamilya, ngunit isang malaking katanungan ang ibinabato nito: masasabi bang may tradisyon o walang tradisyon ang pamilya base lamang sa istruktura at komposisyon nito?

Base sa naging resulta, halos walang pinagkaiba ang mga katangian o kaugaliang makikita sa mga tradisyunal at hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino na makikita sa parehong kwantitatibo at kwalitatibong datos. Maaaring hindi wasto ang pagtukoy sa mga pamilya bilang "tradisyunal" o "hindi tradisyunal" base lamang sa istruktura o komposisyon. Maaaring magkaroon ito ng negatibong implikasyon sapagkat nagkakaroon ng diskriminasyon dahil sa mga katawagang ito na nagdudulot ng pag-iisip kung sila nga ba ay namumuhay ng "normal" o hindi. Napansin na 5 sa 10 kalahok ang tumukoy sa kanilang pamilya nang hindi ayon sa krayterya ng literatura. Nang banggitin ito sa mga kalahok ay mistulang iniisip nilang nagkamali sila ng naging katugunan. Gayunpaman, ipinapakita nito na maaaring may hindi wasto sa kung paano dinepina ng literatura ang parehong pamilya base sa terminong "tradisyunal" o "hindi tradisyunal".

Gayunpaman, makikitang ang parehong pamilya ay may iisang layunin, kung kaya't nabanggit ang katanungan patungkol sa kung nararapat pa nga bang magkaroon ng ganitong pangingilala sa pagitan ng dalawang pamilya dahilan lamang sa istruktura o hindi gayong pagdating naman sa pananatili ng mga tradisyong Pilipino, sinisikap ng parehong pamilyang maipagpatuloy ang mga ito. Sa modernong panahon, kinakailangan na ang bawat pamilya ay makasabay sa mga pagbabago. Maaaring ang mga kaalaman noon ay hindi na akma ngayon. Mapapansin na halos lahat ng literatura tungkol sa mga tradisyunal at hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino ay isa o dalawang dekada na ang nakalilipas nang magawa. Ipinapakita nito na hindi pa sapat ang literatura patungkol sa pamilyang Pilipino at sa pagpapahalaga sa tradisyon bagama't malaking empasis ang ibinibigay sa kanila ng bansa.

Rekomendasyon

May nararapat nga bang pingutin? May nagkamali nga ba sa kung ano ang pamilyang Pilipino? Bilang pagtugon dito, ipinapakita ng mga resulta na walang nagkamali. Ang bawat pamilya ay may kani-kaniyang bukod-tanging mga dinamiko at ang mga pagkakaiba-ibang ito ay hindi nararapat na pagdulutan ng diskriminasyon. Dahil dito, inireremokemendang ikunsidera ang pag-iiba ng termino sa pagtukoy sa dalawang pamilya. Maaring imbes na "tradisyunal" at "hindi tradisyunal" ay mga katagang "kumbensyunal" o "hindi kumbensyunal" ang gamitin bilang pagtukoy.

Para sa mga mag-aaral, inirerekomenda ang pagbibigay-unawa at pagkakaroon ng bukas na isipan pagdating sa mga talakayang patungkol sa pamilya na sensitibo higit lalo sa Pilipinas. Bagama't hindi lahat ng pamilya ay may "nanay, tatay, ate, kuya, at bunso", hindi nangangahulugang ang halaga o ambag ng pamilyang iyon sa lipunang Pilipino ay nakasalalay dito.

Para sa mga pamilyang Pilipino, makikita kung gaano kahalaga ang pamilya sa lipunan, at ang mga katagang "tradisyunal" o "hindi tradisyunal" ay hindi nararapat na makapagdulot ng mga limitasyon sa pamumuhay ng bawat indibidwal. Ang pagpapanatili ng tradisyong Pilipino ay hindi nangangahulugang nararapat na maging mahigpit o mapang-abuso sa mga nakakatandang kaugalian sapagkat nagbabago ang panahon. Inirerekomenda ang pagkakaroon ng bukas na

isipan pagdating sa mga umuusbong na bagong mga uri ng pamilya at ang pagsisikap na mapanatiling ligtas ang bawat tahanan.

Para sa komunidad, ang bawat pamilyang Pilipino ay iba-iba, ngunit hindi ito nararapat na maging basehan sa kanilang kontribusyon sa lipunan. Inaasahan ang pagkakaisa at bayanihan ng bawat komunidad. Imbes na magpakalat ng mga tsismis ay maaaring ilaan nila ang kani-kanilang enerhiya sa pagtulong at pagmamalasakit sa bawat pamilya. Hindi nararapat na pabayaan ang pang-aabuso sa mga karapatan sa loob at labas ng tahanan, at malaki ang gampanin ng komunidad dito.

Panghuli, para sa mga mananaliksik sa hinaharap, ang isyung patungkol sa mga tradisyunal at hindi tradisyunal na pamilyang Pilipino ay tunay na napakakumplikado. Dahil dito, inirerekomenda ang higit pang pag-aaral patungkol sa mga pamilyang Pilipino upang patuloy na masubok ang mga nakalulumang pananaw patungkol sa pamilya.

MGA SANGGUNUAN

n.d. (2019). Mga Pagkakaiba sa Pagitan ng Mga Kultura at Tradisyon. https://tl.bccrwp.org/compare/difference-between-culture-and-tradition-48b033/

Babasa, A. L. N. (2014). Impact of Single Parent Filipino Households on the Psychosocial and Emotional Development of Children. Yuchengco Center: De La Salle University.

Bartolome, J. M. & Billedo, C. J. (2003). Teknolohiya at Pamilyang Pilipino. Ang Iba't Ibang Mukha ng Pamilyang Pilipino sa Nagbabagong Panahon, 15.

Carandang, M. L. A. (2012). The Social Cost of Migration: What is Happening to the Filipino Family? CFO Conference, 1-24.

Castro, N. N. T. (2003). Pamilya, Pag-aaral, Pangarap: Isang Pagsilip sa Papel ng Pamilya sa Pagbubuo ng Hangarin ng mga Mag-Aaral sa Hayskul. Ang Iba't Ibang Mukha ng Pamilyang Pilipino sa Nagbabagong Panahon, 14-15.

Celis, M. L. C, RN, MAN, MHSS, LPT (2020). Millennials' Perspective: Case Studies of Children Belonging to Blended Families. Academia, 1-14.

Chen, F., Bao, L., Shattuck, R. M., Borja, J. B. & Gultiano, S. et al. (2017). Implications of Changes in Family Structure and Composition for the Psychological Well-being of Filipina Women in Middle and Later Years. Res Aging, 39(2), 275–299. https://doi.org/10.1177/0164027515611181

Deslate, M. J. B. F. (2016). The SOGIE Equality Bill. Divinalaw Dynamic Lawyering. https://www.divinalaw.com/sogie-equality-bill/

Ericta, C. N. (2003). Ang Pangkalahatang Kalagayan ng Pamilyang Pilipino: Isang Pagtinging Demograpikal at Istatistikal. Ang Iba't Ibang Mukha ng Pamilyang Pilipino sa Nagbabagong Panahon, 13.

Estrada, C. A., Usami, M., Satake, N., Gregorio, Jr., E., Leynes, C., Balderrama, N., de Leon, J. F., Concepcion, R. A., Timbalopez, C. T., Tsuji, N., Harada, I., Masuya, J., Kihara, H., Kawahara, K., Yoshimura, Y., Hakoshima, Y., & Kobayashi, J. (2019). Current Situation and Challenges for Mental Health Focused on Treatment and Care in Japan and the Philippines – Highlights of the Training Program by the National Center for Global Health and Medicine. BMS Proceedings, 14(11), 1-9. https://doi.org/10.1186/s12919-020-00194-0

Gustilo, B. & Querijero, M. (2020). Ako at ang Aking Pamilya: Ang Mga Tungkulin ng Mga Miyembro ng Pamilya. Academia, 1-34. https://www.academia.edu/31716896/Tungkol_Saan_ang_Modyul_na_Ito

Ikalwewe (2014). The Persecution of Childless Couples. Family, People, Thoughts – Philippines. https://whenthenailsticksout.wordpress.com/2014/01/28/the-persecution-of-childless-couples/

Josef, J. C. (2003). Pag-iibigan, Pagmamahalan at Pagpapamilya ng mga Lesbiyanang Filipina. Ang Iba't Ibang Mukha ng Pamilyang Pilipino sa Nagbabagong Panahon, 19.

Lam, T. & Yeoh, B. S. A. (2018). Migrant Mothers, Left-behind Fathers: The Negotiation of Gender Subjectivities in Indonesia and the Philippines. Gend Place Cult, 25(1), 104. https://doi.org/10.1080/0966369X.2016.1249349

Malibiran, J. (2003). Ang Pamilyang Pilipino at ang Simbahan. Ang Iba't Ibang Mukha ng Pamilyang Pilipino sa Nagbabagong Panahon, 15.

Morillo, H. M., Capuno, J. J., & Mendoza, Jr., A. M. (2013). Views and Values on Family among Filipinos: An Empirical Exploration. Asian Journal of Social Science, 41(1), 5–28.
https://doi.org/10.1163/15685314-12341278

Palay, A. (2017). Dapat pa bang Ipagpatuloy ang Kultura, Tradisyon at Kaugalian ng Pamilyang Pilipino? https://financeideablog.wordpress.com/2017/07/10/dapat-pa-bang-ipagpatuloy-ang-kultura-tradisyon-at-kaugalian-ng-pamilyang-pilipino/

Pew Research Center (2020). Pew-templeton Global Religious Futures Project Philippines. http://www.globalreligiousfutures.org/countries/philippines#/?affiliations_religion_id=0&affiliations_year=2020&region_name=All%20Countries&restrictions_year=2016

Santos, M.C. J. (2004). Focusing on Selected Single Working Mother: Adversity Quotient, Perceived Advantages, Disadvantages, and Coping Strategies (Unpublished master's thesis). De La Salle University: Manila, Philippines.

Tagupa, H. (2019). Choosing to be Child-free. Inquirer.Net. https://opinion.inquirer.net/124225/choosing-to-be-child-free

Tarroja, M. C. H. (2010). Revisiting the Definition and Concept of Filipino Family: A Psychological Perspective. Philippine Journal of Psychology, 43(2), 177-193.

Williams, L. & Domingo, L. J. (1993). The Social Status of Elderly Women and Men within the Filipino Family. Journal of Marriage and Family, 55(2), 415-426. https://doi.org/10.2307/352812

Williams, L., Kabamalan, M., & Ogena, N. (2007). Cohabitation in the Philippines: Attitudes and Behaviors among Young Women and Men. Journal of Marriage and Family, 69(2007), 1244–1256.